	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
PhilHealth Your Partner in Health	**Circular No.**	**2024-0012**
	Title	**Rules for Adjusting Case Rates (Revision 1)**

Tanong	Sagot
1. Ano ang layunin ng rebisyon?	Layunin nitong maipatupad ang mga importanteng rebisyon na nakasaad sa PhilHealth Circular No. 2024-0001: Rules for Adjusting Case Rates.
2. Magkakaroon pa ba ng panibagong inflation adjustments para sa ibang Case Rates?	Sakop ng 30% inflation adjustment ang mga kasalukuyang Case Rates ngunit maaaring suriing muli ng PhilHealth ang mga rates kung kailangan pang i-adjust sa hinaharap.
3. Ano ang basehan sa pagbabayad ng adjusted Case Rates sa mga ospital?	Ang adjusted Case Rates ay ibinabayad sa mga pampubliko at pribadong ospital ayon sa kanilang kakayanang makapagbigay ng de-kalided na serbisyong medikal.
4. Meron bang pagbabago sa benepisyo para sa reproductive health at newborn care packages?	Babayaran ng PhilHealth nang buo ang Case Rates para sa claims ng post-partum progestin subdermal implants (PSI). Sakop din ng polisiya ang adjustment sa Newborn Care Package.
5. Ano ang karagdagang paalala ng polisiya sa mga ospital?	Kailangang ideklara ng mga ospital ang nakalaang basic accommodation at proporsyon nito sa kabuuang bilang ng hospital beds sa kanilang pasilidad ayon sa Republic Act 11223 o Universal Health Care Act at Department of Health Administrative Order No. 2021-0015: Standards on Basic and Non-Basic in All Hospitals.
6. Meron bang karagdagang bayad kung piniling ma-confine ng pasyente sa non-basic accommodation sa pampublikong ospital	Maaaring magkaroon ng karagdagang bayad ang pasyente kung pipiliin niyang ma-confine sa non-basic accommodation ng isang pampublikong ospital ngunit hindi ito dapat lumagpas sa halaga ng Case Rate.
7. Ano ang hindi saklaw ng polisiyang ito?	Ang mga benepisyo para sa admission ng mga pasyente na may COVID-19 ay babayaran base sa nakasaad sa statement of account na may limitasyon depende sa akmang package na nakalagay sa diagnosis.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	**2024-0012**
	Title	**Rules for Adjusting Case Rates (Revision 1)**

Tanong	Sagot
8. Meron bang epekto ang mga rebisyon sa naunang polisiya ng Case Rate adjustment?	Lahat ng admission simula February 14, 2024 ay mababayaran gamit ang adjusted Case Rates. Babayaran naman ang mga admission para sa Pneumonia-High Risk mula December 16, 2023, at Acute Stroke mula November 24, 2023, gamit ang mga bagong Case Rates.